

# Iniinom na antiviral na gamot

## Paunang salita

Ang antiviral na gamot ay mga klase ng gamot na ginagamit partikular na sa paglunas ng impeksyong viral tulad ng trangkaso, virus na impeksyong herpes, viral na sakit sa atay at human immunodeficiency virus (HIV) (na tatalakayin sa ilalim ng nakabukod na artikulo). Hindi gumagana ang antibiotics sa impeksyong viral; ang antiviral na gamot ay ginagamit sa halip para sa partikular na mga virus. Ang gamot na antiviral ay hindi nakakasira ng tinutukoy na pathogens, sa halip, ay pinipigil ang kanilang pagdami sa pamamagitan ng hindi pagpapagana ng viral enzymes.

Ang antiviral na gamot ay tumutulong na pahintuin ang impeksyon mula sa paglala at mabawasan ang tyansa ng pagbalik ng impeksyon. Minsan ay ginagamit sila upang maiwas ang mga tao kung saan ang kanilang immune system ay hindi gumagana ng maayos sa impeksyon. Gayon man, ang pagbabakuna ay maaaring maging mas mabuti at ligtas na opsyon upang maiwasan ang ibang impeksyong viral, tulad ng pana panahong trangkaso at sakit sa atay. Ang mga sumusunod na halimbawa ay tipikal na impeksyong viral:

### 1. *Trangkaso:*

Ang trangkaso ay isang impeksyong viral na inaatake ang sistema ng paghinga kasama ang ilong, lalamunan at baga. Ang trangkaso at ang komplikasyon nito ay maaaring maging malala. Kasama sa mga taong may mataas na peligro ng pagkakaroon ng komplikasyon ng trangkaso ang mga kabataan, matatanda, mga buntis, mga taong may kapansanan sa immune system o malalang mga sakit.

### 2. *Impeksyong virus na herpes:*

Ang impeksyong virus na herpes ay karaniwang sanhi ng virus na herpes simplex at virus na varicella-zoster, na mas kilala sa pagkakaroon ng cold sores o genital herpes, at bulutong o shingles.

### 3. *Impeksyong viral na sakit sa atay*

Ang karaniwang uri ng viral na sakit sa atay ay hepatitis A, B at C, na sanhi ng virus na hepatitis A, B at C. Ang hepatitis A ay naipapasa sa pamamagitan ng kontaminadong pagkain at tubig, samantalang ang hepatitis B at C ay naipapasa sa pamamagitan ng dugo o likido ng katawan.

## **Lunas**

Ang impeksyong viral ay maaaring magdulot ng mga sakit mula sa iba't ibang maliliit na karamdaman tulad ng pangkaraniwang sipon hanggang malalang sakit tulad ng acquired immunodeficiency syndrome (AIDS). Kadalasan, ang mga tao ay nakikitaan ng viral na impeksyon ng walang tiyak na detalye tungkol sa uri ng mga sanhing virus. Kadalasan, ang sintomas ay maliit lamang, na gumagaling ng walang anumang lunas, lalo sa mga taong may normal na immunity. Halimbawa ay ang sipon, at ang viral na gastroenteritis sanhi ng Rotavirus na impeksyon.

Mayroong iba't ibang uri ng iniinom na gamot na antiviral para sa tiyak na impeksyong viral, lalo sa mga immunocompromised. Lahat sila ay gamot na inirereseta lamang at dapat na gamitin ng mahigpit sa ilalim ng payo at rekomendasyon ng doktor.

### *1. Trangkaso*

Ang Oseltamivir (isang neuraminidase inhibitor) na binabawasan ang pagkopya at pagdami ng virus na Influenza A at B sa pamamagitan ng pagpigil sa viral neuraminidase. Iminumungkahi ang paggamit sa loob ng 48 oras ng unang sintomas ng trangkaso. Sa mga malulusog na indibidwal, ang tagal ng sintomas ay maaaring mabawasan ng 1-1.5 na araw.

Ang Oseltamivir ay iminumungkahi para sa mga post exposure prophylaxis ng trangkaso kapag ang trangkaso ay kumakalat sa komunidad. Ito rin ay iminumungkahi para sa paggamit sa natatanging pangyayari (hal. kapag ang pagbabakuna ay hindi nasasakop ang hindi epektibong strain) upang maiwasan ang trangkaso sa isang epidemya.

### *2. Impeksyong virus na Herpes*

Ang malalang impeksyon, impeksyong neonatal herpes o impeksyong sa immunocompromised na indibidwal ay nangangailangan ng lunas na may

sistematikong gamot na antiviral. Ang nauna o umulit na impeksyong genital herpes simplex ay ginagamot rin ng iniinom na antiviral na gamot. Ang paglunas sa impeksyong herpes simplex ay dapat magsimula sa lalong madaling panahon at kadalasan sa loob ng unang ilang araw ng paglitaw ng impeksyon.

Ang bulutong kung hindi man sa mga malulusog na bata sa pagitan ng 1 buwan at 12 taon ay kadalasang banayad lamang at ang antiviral na gamot ay kadalasang hindi kinakailangan. Subalit, mas malala ito sa mga kabataan at matatanda kaysa sa mga bata; ang gamot na antiviral ay magsisimula sa loob ng 24 oras sa pagsisimula ng pantal at maaaring makabawas sa tagal at lala ng sintomas kung di man sa mga malulusog na matanda at kabataan. Ang antiviral na gamot ay pangkalahatang inirerekomenda sa mga immunocompromised na pasyente at sa mga may espesyal na peligro (hal. dahil sa malalang sakit sa puso at paghinga o malalang sakit sa balat).

Sa herpes zoster (shingles), ang sistematikong na gamot antiviral ay maaaring makabawas sa kalubhaan at tagal ng sakit, komplikasyon, at viral shedding. Ang lunas na gamot na antiviral ay dapat simulan sa loob ng 72 oras sa paglitaw ng mga pantal at kadalasang itinutuloy sa 7-10 araw.

Kabilang sa mga halimbawang gamit sa paggamot ng nasabing impeksyong viral ay ang acyclovir at famciclovir (nucleoside analogues ng guanine).

### 3. *Viral na sakit sa atay*

Ang pagagamot para sa viral na sakit sa atay ay dapat simulan ng espesyalista. Ang pangangasiwa ng hindi kumplikado at malalang viral na sakit sa atay higit sa lahat ay makikitaan ng sintomas. Ang hepatitis B at Hepatitis C na virus ay pinakamalaking sanhi ng hindi gumagaling na sakit sa atay.

Para sa hindi gumagaling na hepatitis B, ang unang opsyon ng paggamot kasama ang entecavir (isang nucleoside reverse transcriptase inhibitor (NRTI)) o tenofovir (isang nucleotide reverse transcriptase inhibitor (NtRTI)). Kasama sa mga ibang gamot na itinuturong lunas sa hindi gumagaling na hepatitis B ang (NtRTI), lamivudine (NRTI), o telbivudine, (isang nucleoside analogue of thymidine na may tiyak na aktibidad laban sa virus na hepatitis B).

Para gamutin ang matagal ng Hepatitis C, kadalasan ginagamit ang kombinasyon ng mga gamot. Ang kombinasyon ng ribavirin (isang nucleoside analogue) at ang

peginterferon alfa (isang immunomodulating drug na mabibili sa porma na injection lamang), o kasama ang alinman sa boceprevir o telaprevir (protease inhibitors, kung saan ay pinipigil ang pagkopya at pagdami ng hepatitis C virus genotype 1, pero may mas kaunting epektibo laban sa ibang genotypes ng virus).

Bago ang magsimula ng paggagamot sa direktang-aksyon na antivirals (tulad ng daclatasvir, ledipasvir, sofosbuvir, boceprevir, asunaprevir), ang pasyente ng matagal ng hepatitis C ay dapat salain kung sila ay may kasabay na hepatitis B; dahil mayroong peligro ng mulang pagiging aktibo ng hepatitis B na virus (HBV) sa lunas na direktang-aksyon na antiviral. Ang mga kaso ng pag ulit ng HBV, ang iba sa kanila nakamamatay, ay naiulat habang o pagkatapos ng paggagamot ng sangkap ng direktang-aksyon na antiviral. Ang pasyenteng nahawahan ng hepatitis B at C na virus ay may peligro ng muling pagiging aktibo ng HBV, at masusing babantayan ang kanilang kondisyon.

### Pangkaraniwang masamang epekto at pag-iingat

Uri ng antiviral na gamot	Pangkaraniwang masamang epekto	Pag-iingat
1. Neuraminidase inhibitor	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Pagduduwal at pagsusuka</li> <li>♦ Pananakit ng tiyan</li> <li>♦ Bronchitis</li> <li>♦ Hindi pagkatulog</li> <li>♦ vertigo</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Ang pagbabawas ng dosis sa mga pasyenteng may kapansanan sa bato, at hindi ipinapayo sa mga pasyenteng may malalang kapansanan sa bato</li> </ul>
2. Nucleoside analogues of guanine	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Haematological na pagbabago</li> <li>♦ Pantal</li> <li>♦ Lagnat</li> <li>♦ Sakit ng ulo</li> <li>♦ GI effects</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Bawasan ang dosis sa mga pasyenteng may kapansanan sa bato</li> <li>♦ Dapat iwasan ng mga pasyenteng may malalang kapansanan sa atay o decompensated cirrhosis ng atay.</li> </ul>
3. Nucleoside analogue of thymidine	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Ubo</li> <li>♦ Pagkahilo</li> <li>♦ Pagkahapo</li> <li>♦ GI effects</li> <li>♦ pantal</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Dapat ibigay ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may cirrhosis, hepatomegaly, o iba pang dahilan ng peligro para sa sakit sa atay</li> <li>♦ Bawasan ang dosis sa pasyenteng may kapansanan sa bato</li> </ul>

<p>4. Nucleoside reverse transcriptase inhibitors (NRTI)</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Sakit ng ulo</li> <li>♦ Pagkahapo</li> <li>♦ Pagkahilo</li> <li>♦ Pagduduwal</li> <li>♦ Pagtatae</li> <li>♦ Impatso</li> <li>♦ Hindi pagkatulog</li> <li>♦ pagsusuka</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Dapat ibigay ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may hepatomegaly o iba pang dahilan ng peligro ng sakit sa atay</li> <li>♦ Ang hepatic function ay dapat masusing bantayan habang ginagamot at sa loob ng ilang buwan pagkatapos itigil ang pagagamot</li> <li>♦ Bawasan ang dosis sa pasyenteng may kapansanan sa bato</li> </ul>
<p>5. Nucleotide reverse transcriptase inhibitor (NtRTI)</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Gastrointestinal (GI) discomforts tulad ng kawalang gana, pananakit ng tiyan at distention</li> <li>♦ Asthenia</li> <li>♦ Pagkahilo</li> <li>♦ Pagkahapo</li> <li>♦ Sakit ng ulo</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Dapat gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may hepatomegaly o iba pang dahilan ng peligro sa sakit sa atay</li> <li>♦ Ang liver function ay dapat masusing bantayan sa pasyenteng nahawahan ng hepatitis B</li> <li>♦ Ang renal function ay dapat bantayan kada ika-3 buwan</li> <li>♦ Bawasan ang dosis sa mga pasyenteng may kapansanan sa bato at doon sa tumatanggap ng ibang gamot na maaring maka apekto sa renal function</li> </ul>
<p>6. Protease inhibitor</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Anaemia</li> <li>♦ Pagod</li> <li>♦ Sakit ng ulo</li> <li>♦ Pagdudwal</li> <li>♦ Pagbabago ng panlasa</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ May kontraindikasyon sa mga pasyenteng may auto immune hepatitis</li> <li>♦ Ang masusing pagsusuri at paglunas sa impeksyon ay kinakailangan</li> </ul>

### **Pangkalahatang Payo sa paginom ng antiviral na gamot**

- ♦ Sundin ang payo ng doktor sa paggamit ng inyong gamot. Huwag titigil o magbabago ng rehimen sa inyong sarili lamang.
- ♦ Magbuo ng magandang body immunity upang maiwasan ang impeksyong viral sa pamamagitan ng pagkakaroon ng balanseng dyeta, regular na ehersisyo at sapat na pahinga, pagbabawas ng stress at iwasan ang paninigarilyo.
- ♦ Dahil ang iba sa impeksyong viral ay nakakahawa, iwasan ang pakikihalubilo sa ibang tao na may mahinang immunity hal. sanggol, bata, matatanda at buntis kapag kayo ay may sakit.

## **Pakikipag usap sa inyong Doktor**

- ♦ Palaging humanap ng medikal na payo para sa pinaka magandang opsyon ng gamot. Ang inyong doktor ay magrereseta ng pinakaangkop na gamot para sa inyo pagkatapos ikonsidera ang inyong kundisyon at tugon sa gamot.
- ♦ Maaari kayong resetahan ng mahigit sa isang gamot para sa paglunas sa impeksyon, siguruhin na malinaw ang tungkol sa layunin at ang gamit ng bawat preparasyon at kumunsulta sa inyong doktor kung may pag-aagam agam.
- ♦ Ipaalam sa inyong doktor kung kayo ay dumadanas sa matagal ng sakit o may iniinom na gamot, dahil maaaring mangailangan ng masusing pag-iingat kapag nagdedesisyon sa planong paggagamot.
- ♦ Kaagad na humanap ng medikal na payo kung nakakaranas ng anumang sintomas o masamang epekto na pinaghihinalaang may kaugnayan sa gamot na antiviral. Maaaring muling pag-aralan ng inyong doktor ang uri at dosis ng inyong gamot.
- ♦ Magkaroon ng regular na follow-up ayon sa payo ng inyong doktor kung kailangan gumamit ng gamot na antiviral na pang matagalan.

## **Pag-iimbak ng antiviral na gamot**

Ang iniinom na antiviral na gamot ay dapat itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat itinatago sa refrigerators. Gayundin, ang gamot ay dapat itago ng maayos sa lugar na hindi maaaring maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkakalulon nito.

***Pagkilala: Ang tanggapan ng Droga ay gustong pasalamatan ang Propesyunal na Kaunlaran at Tiyak na Kalidad (PD&QA) para sa kanilang mahalagang ambag sa paghahanda ng artikulong ito.***

Tanggapan ng Droga

Kagawaran ng kalusugan

Enero 2021